

**PRESIDENT FERDINAND ROMUALDEZ MARCOS JR.'s
SPEECH AT THE MEETING WITH THE FILIPINO COMMUNITY
IN OSAKA, JAPAN**

Swissotel Osaka
June 21, 2025

[00:00:05]

Salamat po. Salamat po. Maraming, maraming salamat po sa inyong lahat. Salamat sa ating Kalihim ng Department of Trade and Industry sa kanyang pagpakilala.

Magsiupo po tayó.

Nandito rin po ang Kalihim ng Department of Tourism Secretary Christina Garcia Frasco, [applause] kasama niya ang kanyang asawa si Duke Frasco na congressman na tiga-Cebu; [applause] Her Excellency, the Ambassador to Japan Mylene Garcia-Albano, kasama rin niya ang kanyang – hindi ko masabing better half eh, [laughter] ‘yung kanyang asawa, ang Isabela Governor, Governor Rod Albano; [applause] the Philippine Consul General in Osaka Voltaire Mauricio; [cheers and applause] Aba, maganda siguro trabaho mo rito at mayroon kang ano, mayroong pala. [laughter]

OWWA Administrator Patricia Yvonne “PY” Caunan; [applause] papakilala ko rin po nagkataon lang at nakasama natin dito ‘yung kaibigan natin, nandito po ‘yung dating mayor ng Mandaluyong, si Benhur Abalos [applause] at saka ito masasabi ko better half, ang kanyang better half, naging mayor din, Mayor Menchie Abalos. [applause]

At siyempre hindi kumpleto ang aking pagbati kung hindi ko babatiin ang

aking maybahay na the First Lady [cheers and applause] Liza Araneta-Marcos; [applause] lahat ng aming kasama sa Philippine delegation; at kayong lahat na aming mga special guests.

Magandang gabi po sa inyong lahat. [applause]

[00:02:29]

Nandito po kami para mag-attend – pinuntahan po namin ‘yung Expo na ginagawa. At sigurado naman ako nabalitaan na ninyo at napaka-successful dahil napakaraming dumadaan doon.

At doon talaga ipinapakita natin ang galing ng Pilipino, ang kultura ng Pilipino, kung ano ‘yung mga kakayahan ng Pilipino. At nakita naman natin ang pag-response, at nakita naman natin na talagang ang Pilipino ay nagkaroon na talaga ng napakagandang reputasyon sa buong mundo. [applause] At nangyari iyon dahil sa inyo. Kayong mga OFW, kayong mga naninirahan na Pilipino na naninirahan sa iba’t ibang lugar na nagtatrabaho, na tumutulong.

Alam niyo lahat nang makilala ko: presidente , prime minister, hari, sultan – kung anumang, basta ‘yung mga lider na ano – ang unang laging sinasabi, lahat ng Pilipino—mahal na mahal namin ‘yung mga Pilipino na nandoon sa amin. Gustong-gusto namin ang Pilipino. [applause]

Dahil, unang-una, siyempre importante sa akin napakasipag, at saka kahit wala na sa ‘yung pakiusap—madaling pakiusapan kasi tumutulong kahit wala na sa trabaho. Dahil na – favor lang, favor lang nandiyan— ‘yung Pinoy, “Sige, oo, sige, tulungan kita always.”

Kaya naiba talaga ang—naiba talaga ang ugali ng Pilipino. Kaya nakaka-proud kayong lahat. Kaya’t maraming-maraming salamat. [applause] Alam ko sakripisyo sa inyo ito.

Bilang inyong lingkod, pinapahalagahan ko ang ating bukas na ugnayan. Kaya—kung kaya’t nagagalak ako sa pagkakataong ito na makasama kayong lahat.

Allow me first to address our youth community, especially our Filipino Japanese youth, who may be more comfortable listening to this in English. But still, I encourage you to learn our language, Filipino.

When Japanese Prime Minister Ishiba visited the Philippines last April, we had the opportunity to affirm the importance of our bilateral relations, especially because we will be celebrating the 70th year of robust diplomatic

relations between Japan and the Philippines.

Our two peoples have a deep history. Founded on the spirit of reconciliation, of brotherhood and amity or friendship.

[00:05:18]

I speak to all our kababayans, especially our youth, who play a part in our dynamic and enduring ties with Japan. Through you, we continue to write new pages in the history of the relations between our two countries. Through you, the spirit of friendship with our Japanese friends continues to thrive.

We have every chance, through you, to build even stronger connections in shared values for a mutually stable, secure, and prosperous relationship between our two countries.

This is why I hope you will join me and the Philippine nation in helping our community here in Japan to grow even more in love with the Philippines, to learn and embrace fully your Filipino identity, to support our nation's aspirations for unity, for peace, and for prosperity.

Now, allow me to speak once again to address our dear kababayans, especially our OFWs and the first generation Filipinos who have settled here in Japan.

Alam po namin na ang sakripisyong inaalay natin upang makamit ang isang magandang kinabukasan para sa ating pamilya, para sa sarili, at maging sa bayan ay hindi dapat mawaldas o masayang.

Kung kaya't bilang mga bagong bayani, hinihimok ko kayong lahat na ipaglaban ang kalayaan ng ating mahal na bansa. Ang kalayaan na maging maunlad at mapayapa.

I call on every Filipino gathered here tonight: As our forefathers, the heroes of the Philippine Revolution, have sacrificed much to give us this freedom that we today enjoy, it is our duty to honor that hard-won gift.

Tungkulin natin bumuo ng isang kinabukasang karapat-dapat sa ating lahat. Isang bayang pinapanday sa tapang, pag-asa, at pagmamahal – ang isang Bagong Pilipinas.

Bilang inyong Pangulo, hangad kong mabigyan ang bawat Pilipino ng mas magandang buhay at mas maraming oportunidad. Naniniwala ako na ang tunay na pag-unlad ay nasusukat sa kakayanan ng bawat pamilyang Pilipino na mabuhay ng buo at maginhawa kasama ang kanilang mahal sa buhay sa sariling bayan.

Naintindihan po namin ang hirap na pinagdadaanan at ang sakripisyong ibinibigay ninyo upang masuportahan ninyo ang inyong mga pamilya.

[00:07:56]

Napilitang kayong mawalay sa kanila at iiwan ang kulturang inyong nakasanayan para matugunan ang kanilang pangangailangan. Kaya patuloy tayong nagsasagawa ng mga programang magpapabuti sa inyong buhay.

Layunin ng ating pamahalaan na paghusayin ang mga serbisyo upang mahikayat hindi lamang ang mga dayuhan na mamumuhunan at mga turista, kundi pati na ang kapwa nating mga Pilipino na nais muling manirahan at mamuhay sa sariling bayan.

Sinisiguro po natin na ang ating gobyerno ay may sapat na pagkakataon na naghihintay para sa lahat ng OFW na nais umuwi at tuluyan nang manirahan sa Pilipinas.

Hangad din namin maging maayos ang inyong pagdating at pag-alis sa ating bansa. Kaya naman naglaan tayo ng OFW Lounge sa airport para may lugar kung saan puwedeng magpahinga. Masigasig din ang ating pakikipag-ugnayan sa iba't ibang bansang tumatanggap ng ating manggagawa para makabuo ng bilateral labor agreement upang matiyak natin na ligtas at makatao ang trabaho, at nabibigyan ng pagkakataong umunlad ang ating mga kababayan.

Kaakibat ng ating pagpapabuti ng serbisyo sa ating mga kababayan, patuloy ang aming pagpapatupad ng reporma sa ating ekonomiya. Kaya naman puspusan ang ating pagtutulak ng mga programang sumusuporta sa maliliit na negosyo.

Iyan po ang trabaho ng ating DTI na Secretary dahil siya po ay nagsimula... Alam niyo po ba 'yung damit na Kamiseta¹ sa Pilipinas? Siya po 'yun. At 'yung nag-start siya, noong nagsimula siya parang sari-sari store lang nagsimula. Ngayon, milyonaryo na iyan si Secretary. [laughter]

Kaya alam na alam niya ang nahaharap na problema ng maliliit na negosyo. Kaya ang mga – 'yung mga sari-sari store, 'yun. Kaya iyan ang tinutulungan natin ng husto. Kaya lagi tayong – lagi nating ipinaglalabas at ipinapaalam sa ating mahal na kababayan na may mga programa tayong – na pagsuporta sa maliliit na negosyo.

¹ Kamiseta, a clothing brand launched and developed by Maria Cristina Aldeguer-Roque.

Bukod pa roon para sa agrikultura, para sa turismo, sa industriya, at teknolohiya. Patuloy rin tayong nakikipagtulungan sa pribadong sektor upang makalikha ng mas maraming trabaho para sa lahat. Ginagawa natin ito dahil naniniwala tayo sa galing at sipag ng Pilipino.

I recognize the weight of your sacrifice and the strength that it takes to provide for your families from afar. And that is why we will never tire of honoring you and finding ways to improve your lives.

You are at the heart of our government's efforts and you deserve not only our gratitude, but you deserve our full support.

Muli, maraming, maraming [salamat] sa inyong lahat mga minamahal namin na mga kababayan na nandito sa Japan. [applause]

Mabuhay ang Pilipinas! [applause]

Mabuhay ang mga OFW! [applause]

Mabuhay ang sambayanang Pilipinas! [applause]

Maraming, maraming, maraming salamat po! [applause]

[00:11:30]

BAGONG PILIPINAS